7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan**
**Kuwarter 2: Aralin 4 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Joan F. Alim (Saint Louis University)

**Tagasuri:**
- Voltaire M.Villanueva, Ph.D. (Philippine Normal University Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN/ BAITANG 7/ IKALAWANG KUWARTER (ARALIN 7 – para sa Ikapitong Linggo)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagbibigay-impormasyon sa mga naging tugon sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>1. Naipaliliwanag ang imperyalismong Hapon sa ika-20 siglo<br>2. Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa panahon ng imperyalismong Hapon.<br>3. Naipaliliwanag ang imperyalismong Hapon.<br>4. Nailalarawan ang impluwensiya ng imperyalismong Hapon sa kasalukuyan.<br>5. Nasusuri ang mga mabuti at di mabuting epekto ng imperyalismong sa kasalukuyan. |
| **C. Nilalaman** | • Ang Imperyalismong Hapon sa ika-20 siglo<br>• Mga Mahahalagang Pangyayari sa Panahon ng Imperyalismong Hapon. |
| **D. Integrasyon** | • Napapanahong isyu sa aspektong politikal at ekonomiya<br>• Kasalukuyang pangyayari na may kaugnayan sa imperyalismo at kolonyalismo |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Blando, Rosemarie C. et.al. 2014. Araling Panlipunan: ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba. 1st ed. Pasig City.<br>Bustamante,Eliza D.2016.Sulyap Sa Kasaysayan ng Asya.Muling Nilimbag.St Bernadette Publishing House Corporation.Quezon City.<br>Nicerio,Neil Alvin E.2021.Araling Asyano:Kamalayang Panlipunan.Abiva Publishing House Inc.Araneta Avenue,Quezon City.<br>Imperyalismo at Kolonyalismo 2017 nakuha sa https://www.scribd.com/presentation/37130294/Arpan-Mga epekto-ng -kolonyalismo- |

| |
|---|
| at -imperyalismo-sa-timog-at -kanlurang-asya<br>Epekto ng Imperyalismo sa Mamamayan 2019. Nakuha sa https://josemariasison.org/ang-imperyalismo-sa-ngayonat-mga-epekto-nito- sa-mamamayan/ |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Ipaayos sa mga mag-aaral ang mga nagulong letra upang mabuo ang mga salitang may kaugnayan sa tatalakaying paksa.<br>*(Tingnan sa pahina 1 ng Sagutang Papel)* | Ang bahaging ito ay elaborasyon ng pagtuturo sa implementasyon ng iba't ibang bahagi ng aralin.<br>Ang mga tala ay magiging gabay sa mga guro sa paraan ng presentasyon ng aralin at gawain, mungkahing teksto o lunsaran, kagamitan, at sanggunian, maging ang bahagi sa proseso ng integrasyon. Ang bahagi ring ito ay modipikasyon ng iba't ibang alternatibo para sa pagpapaunlad at pagpapayaman sa aralin. Ang bahaging ito ang magiging daan sa pleksibilidad sa pamamahala ng oras kaugnay ng progreso at pag-angat ng kakayahan ng mga mag-aaral. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **A.Smiley Ka ba**?<br>*(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel ang gawain A)*<br>**B**. **Tatsulok ng Pangyayari**: Ibigay ang mga mahahalagang impormasyong upang lubos na maunawaan ang pag-usbong ng imperyalismong Hapon**.** | Sa bahaging ito, mahalagang naipapaliwanag at nailalarawan ang pag- usbong ng imperyalismong Hapon upang lubos na maiintidihan |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

*(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel ang Gawain B)*

C. **Tunggalian, Alamin Mo!** Ipaliwanag ang panig ng dalawang magkatunggaling bansa sa dalawang digmaan na nagresulta sa imperyalismong Hapon.
*(Tingnan sa pahina 3 ng Sagutang Papel ang Gawain C)*

</td>
<td>ang epekto ng imperyalismo sa kasalukuyan.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>

**Kaugnay na Paksa 1:**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Pahina ng Kasaysayan:

| **Restorasyong Mejia** | **Digmaang Sino-Hapones** | **Digmaang Russo at Hapones** | **Ang Japan noong World War 1** |
|---|---|---|---|
| Sa panahong ito, natamasa ng Japan ang kaunlaran. Tinanggap ng Japan ang mga pagbabago na hatid ng impluwensiya ng mga kanluranin sa aspekto ng pamamahala, edukasyon at ekonomiya Ang mga pagbabagong ito ang nagbigay daan upang nagawa nitong magpatupad ng agresibong patakaran kung kaya't sumali ito | Ito ang panahon na kung saan ang nanghimasok ang Japan sa Korea na sa panahong iyon ay nasa ilalim ng China. Nagpadala ng hukbo ang Japan sa Korea nang mag-alsa ang mga Koreano sa mga Tsino na naging sanhi ng hidwaan sa pagitan ng China at Japan. Sa huli, nagwagi ang Japan at lumagda ng kasunduan na kung saan lumaya ang Korea mula sa China. | Nagkaroon ng sigalot ang Japan at Russia dahil sa kanilang patakaran sa pagpapalawak ng teritoryo sa Silangang Asya. Pinag-aagawan ng dalawang bansa ang pagkontrol sa Liaodong peninsula, Korea, at Manchuria. Sa huli natalo ang Russia at lumagda ng kasunduan kung saan nakuha ng Japan ang Sakhalin Island, Lushun at Dahlian. | Ang pagkapanalo ng Japan sa dalawang malalaking bansa ay nagbunga ng pagkikilala rito bilang makapangyarihang bansa. Nakipag-alyansa ang Japan sa Britain sa panig ng Allies noong World War 1 na nagdeklara ng digmaan sa Germany. Nagdeklara ang Japan ng digmaan sa Germany upang makuha ang teritoryo ng |

</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| sa pagkuha at pagpapalawak ng mga teritoryo. | Ibinigay ng China sa Japan ang Pescadores, Liaodang peninsula at Formosa | Naging protectorate ang Korea ng Japan sa bisa ng kasun-duan ng dalawang bansa. | Germany sa China. Ang pagtanggap ng Japan ng teritoryo ng Germany sa China sa bisa ng Treaty of Versailles ang nagpasimula sa malawakang protesta sa Peking at gumising sa damdaming |

**A. Kinukumpleto Mo Ako!** Mula sa pahina ng kasaysayan,kumpletuhin ang tsart.

*(Tingnan sa pahina 3-4 ng Sagutang Papel ang gawain)*

**B. Paglalapat at Pag-uugnay**

**PANININDIGAN MO, KAILANGAN KO!** Punan ang tsart at magbigay ng mabuti at di mabuting epekto base sa paksang naibigay.

| MABUTI | PAKSA | DI MABUTI |
|---|---|---|
| | Ang imperyalismong hapon ay may pangmatagalang impluwensiyang naiwan sa mga bansa na kanilang nasakop. Ang mga epekto na ito ay nagbubukas ng mga isyu sa mga aspketo ng kultura, ekonomiya, pulitika, at kasaysayan sa mga bansa at rehiyon na apektado. | |

| | | |
|---|---|---|
| **E. Paglalahat** | **A. Lente ng Kalinangan:** Ilahad ang iyong sariling pananaw batay sa sa iyong natutuhan sa aralin. Isulat ang pahayag sa loob ng kahon.<br>*(Tingnan sa pahina 8 ng Sagutang Papel)*<br><br>**B.Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Sumbrero ng Kaisipan:** Suriin ang patakaran ng Japan hinggil sa pagpapalawak ng teritoryo. Sagutin ang mga tanong kaugnay nito simula sa bilang 2.<br>*(Tingnan sa pahina 9-10 ng Sagutang Papel)* | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**A. Isip-Hamunin!** Isulat ang letra ng aspekto na naimpluwensiyahan ng Hapon base sa mga halimbawang naibigay.<br><br>**H-Kultura A- Edukasyon P-Politika O- Ekonomiya N- Relasyong Panlabas**<br>H A P O N<br><br>1.Pag-aalaga at pagpaparami ng bibi at hipon<br>2 Mga anime (komiks) tulad ng Naruto, Bleach, at One Piece<br>3. Paggawa ng kasangkapan at armas<br>4. Malaking imprastraktura at makabagong sasakyan<br>5. Pagbubukas ng kalakalang panlabas 6.Arkitektura tulad ng templo at Budismo<br>7. Ang bansang Hapon ay isa sa mga kasapi ng Nagkakisang Bansa<br>8. Ang kumpanyang Hapon tulad ng Sony, Panasonic, Nintendo, at Toyota<br>9. Sistematikong pagsusuri at pananaliksik<br>10. Pamamahala at maayos na pamumuno sa bansa | |

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |